# Sa Kamay ng Diyos

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Bro. Bobby Rodriguez, Elder-Founder
Setyembre 24, 2022

Ang kamay ng Diyos ay sumasagisag sa Kanyang gabay, turo at disiplina. Kung kilala natin ang kamay ng Diyos, mas madaling sumunod sa mga utos ng Niya. Paano natin makikitang kumikilos ang kamay ng Diyos sa ating buhay? Ipinapaalala sa atin sa Isaias 49:16 ang pag-ibig ng Diyos: "Inukit kita sa aking palad" Kaya, patuloy tayong maglingkod, sumunod at magpuri sa Kanya.

**1. Paano natin inilalarawan ang kamay ng Diyos?**

1.1. **Sa kamay ng Diyos nilikha ang lahat**. Alam Niya ang kalagayan ng bawat tao; kaya, bago Niya nilikha ang tao, nilikha muna ng Diyos ang lahat ng kailangan ng tao (Isa.48:13). Ginawa Niya ang tao na maging kawangis Niya - matuwid at banal (Gen.1:26). Binuo Niya ang tao mula sa alabok na nasa lupa - ang pisikal na katawan mula sa luwad; Hiningahan ito sa ilong at nagkaroon ng buhay, kaluluwa at espiritu, at ang tao ay naging buhay na kaluluwa (Gen.2:7).

1.2. **Ang ating panahon ay nasa kamay ng Diyos** (Awit 31:15). Ang lahat ng pangyayari sa daigdig ay nagaganap sa panahong itinakda ng Diyos (Ecc 3:1). Ang haba ng ating buhay ay 70 at 80 taong gulang kung malakas (Awit 90:10). Diyos lamang ang makapagsasabi kung hanggang saan ang ating buhay, at kung ating itanghal ang ating pananalig sa Diyos, gagalaw ang Kanyang Espiritu sa ating buhay, mangunguna at gagabay Siya sa atin.

1.3. **Ang kamay ng Diyos ay hindi maikli upang iligtas tayo** (Isa.59:1). Sumasaklolo Siya ng walang hanggan; Ang Kanyang tainga ay malugod na nakikinig. Ang layunin natin sa buhay ay papurihan ang Diyos – hirap at sakit ay bahagi ng ating buhay Kristiyano (Santiago 1:2-4). Si Bro. Bobby Rodriguez, isa sa mga pinuno ng *The Lord's Flock Community (TLF)* ay nakaranas ng iba't-ibang sakuna sa buhay; subalit, buhay pa rin siya at walang napinsala sa kanya. Iniligtas siya ng kamay ng Diyos dahil may nakatakda pa siyang gagawin - maging buhay na patotoo sa Kanyang pangakong pag-asa at magandang bukas (Jer.29:11).

1.4. **Ang kamay ng Diyos ay nagbibigay ng probisyon** (Awit 23:1). Ang mapagbigay na kamay ng Diyos, ating Pastol, ay tiyak na nagbibigay ng masaganang pagpapala, higit pa sa ating pangangailangan (Filipos 4:19). Maraming mga himalang mangyayari kung ipagkakatiwala at isusuko natin ang ating buhay sa Diyos - ating plano at desisyon. Ang Himala ng Pagpaparami ay ang kwento ng batang lalaki na nagbigay ng 5 tinapay at 2 isda (Juan 6:1-3), at ipinakita paano kumilos ang kamay ng Diyos sa pagtulong at pagpadama ng pagmamahal sa sambayanan. Ipagtatanggol tayo ng Diyos sa ating mga laban; habang tayo'y nananahimik, ipinapakita natin na tayo ay tunay na nagtitiwala sa Kanya (Exodo 14:14).

2. **Kapag sumunod at isuko natin ang ating buhay sa Diyos, ito ang mangyayari:**

2.1. **Makatatanggap tayo ng kalakasan at kaginhawaan sa oras ng ating kalungkutan** (Awit 119:28). Kapag ang buhay ay puno ng mabibigat na pasanin, nayayanig tayo at nag-aalinlangan. Ang salita ng Diyos ay nagbibigay liwanag at kalakasan sa ating kaluluwa.

2.2. **Makatatanggap tayo ng pag-asa sa oras ng ating paghihirap**. Ang salita ng Diyos ay tunay na nagbibigay ng katiyakan ng kaginhawaan (Awit 119:49).

**3. Ano ang mga pangako ng Diyos?**

3.1. Katiyakan ng Pagpapatawad (1Jn.1:9).
3.2. Katiyakan ng Kaligtasan (1Jn.5:11).
3.3. Katiyakan ng Panalanging Dininig (1Jn16:24).
3.4. Katiyakan ng Pamamatnubay (Kaw.3:5-6).
3.5. Katiyakan ng Tagumpay( 1Cor.10:13).

**Konklusyon:**

Isuko natin sa Diyos ang lahat ng ating pagsubok. Kung tayo'y makinig sa Diyos at sumunod, buhay na sagana at payapa, sa ati'y idudulot (Job 36:11).

**Pagninilay:**

Ano ang hawak mo na hanggang ngayon hindi mo pa kayang isinusuko sa Diyos?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#Pagpapala#Probisyon#Pagsuko